



Kabuuran Bersyon
Bisyon ng Mie Prefektyur para sa Edukasyon
~Para sa magandang kinabukasan ng mga kabataan~



Bisyon ng Mie Prefektyur para sa Edukasyon

Para sa magandang kinabukasan ng mga kabataan

Isinasang-alang ng board of edukasyon ng Mie Prefektyur, ang bisyon para sa edukasyon ay nagplaplano ng mga patakaran para sa piskal na taon 2011 (Heisei 23 piskal na taon) para sa pagpapatupad ng mga layunin para sa edukasyon sa loob ng nasabing Edukasyon" ay binuo para sa pagsasakatapuran nito.

Sa pagpapatupad ng nasabing bisyon, ang paaralan, tahanan, rehiyon, at ang lipunan ay

para sa susunod na 10 taon sa hinaharap, ito hanggang piskal na taon 2015 (Heisei 27 piskal 5 taon; ang "Bisyon ng Mie Prefektyur para sa

tulong-tulong sa pagpapabuti ng edukasyon.



Pangkalahatang pahayag

1 Pangunahing prinsipyo

Ang mga sumusunod ay naglalarawan ng "pangunahing prinsipyo" ng edukasyon ng Mie Prefektyur. Sumasaklaw ang mga sumusunod na paraan ng pag-iisip sa pangkalahatang bisyon. Ang salitang "kami" ay tumutukoy sa paaralan, tahanan, rehiyon at lipunan.

Nagtitiwala kami sa mga kabataan

Ang paaralan, tahanan, rehiyon ay sama-sama
Sa pagpapalaki ng potensyal ng mga kabataan

Upang bumuo ng magandang kinabukasan

~ Pagsamahin ang lahat ng ating mga kapangyarihan upang bumuo ng magandang kinabukasan para sa mga kabataan ~

Ang diwa ng edukasyon ay "pagpapalaki ng potensyal ng mga kabataan."

Kahit magkakaroon ng masamang panahon, ang diwa ng edukasyon ay hindi dapat magbago, kahit na magbago ang lipunan, dapat panatiliin ang "pagpapalaki ng potensyal ng mga kabataan" bilang pokus ng pangunahing prinsipyo.

Ang bawat bata ay may "kapangyarihan lumaki", at sa paglaki nito ay may "malaking potensyal" na maaaring dalhin ito. Lahat ng kabataan ay may posibilidad na palakihin ang potensyal nito habang lumalaki, gabayan at suportahan ang bawat antas ng paglaki upang maiwasan ang mga "sagabal" at "pagkakamali" at upang makatayo sa sriling paa at lumahok sa mga plano ng lipunan ang mga kabataa —ito ang mga pundasyon ng edukasyon.

Kahulugan ng "2 matibay na hangarin"

Laging isinasaisip ng lahat ng mga may kinalaman sa edukasyon, at dapat gamitin bilang pamamaraan ng pag-iisip ang "2 matibay na hangarin" bilang pangunahing prinsipyo.

Nagtitiwala kami sa mga kabataan

[Matibay na hangarin 1] Nagtitiwala kami sa mga kabataan. Tatayo kami sa perspektibo ng mga kabataan.

Papalakin ang mga kabataan sa pamamagitan ng pagpapalaki ng potensyal nito, sa halip na palakihin ito sa pamamagitan ng pasibo na pamamaraan, dapat itong "palakihin na may sariling opinyon, at kumilos ng proactive ayon sa kanilang sariling saloobin." Ang edukasyon ng Mie ay plapanuhin sa pamamagitan ng pagtingin mula sa perspektibong ng mga kabataan, sa halip na "isang panig na pagtuturo" o "pilitin ng puwersa sa pagsunod ng patakaran", dapat turuan sa pamamagitan ng "paghimok" o "pag-iisip kung bakit kailangan ng mga patakaran", kailangan natin magtiwala sa mga kabataan, at "mag-antay" habang gingabayan ang mga ito.

Ang paaralan, tahanan, rehiyon ay sama-sama

[Matibay na hangarin 2] Kami ay may iba't ibang karanasan at perspektibo, bilang mamamayan ng prefektyur, kami ay makikipagtulungan tungo sa pagpapabuti ng edukasyon.

Ang mga kabataan ay masagana nating palakihin at bigyan ng edukasyon at karunungan, sa pamamagitan ng pag-aral sa paaralan, pakikipag-halubilo sa kapamilya at mga mamamayan ng rehiyon, pakikipaglaro sa mga kaibigan nito, at sa iba't ibang sitwasyon na mararanasan nito sa pakikipagtungo sa mga mamamayan ng rehiyon. Sa kasalukuyan ay nag-aalala tayo sa bumababang kalidad ng edukasyon naitatanggap mula sa pamilya at rehiyon, at may mga paksa na hindi itinuturo sa paaralan, kaya't dapat magtulong-tulong tayong mga mamamayan ng prefektyur upang solusyonan ito.



2 Kakayahan palakihin ang mga kabataan

Ngayong panahon na may madaming mga pagbabago, kailangan ng mga kabataan ng 2 katanigan, ito ay "kakayahan maging independiente" at "kakayahan mabuhay ng nakikisama".

(1) Kakayahan maging independiente (Kakayahan gumawa ng magandang kinabukasan)

Ito ang kakayahan magpasya ng sarili kapag humaharap sa mga hindi inaasahang hamon.

Halimbawa, "kakayahan matuto", "kalayaan", "ambisyon o kakahayan mangarap", "tiwala, respeto, pag-ibig sa sarili", "kalusugan o pisikal na lakas", "pag-asang magtrabaho o maghanap-buhay" at iba pa ang mga kakayahan at katangian na kailangan ng mga kabataan.



(2) Kakayahan mabuhay ng nakikisama (Kakayahan gumawa ng kinabukasan na kung saan lahat ay akikisama ng mabuti)

Kakayahan gumawa ng bagong lipunan, kung saan lahat ay sumusuporta sa bawat isa, maging sino man ito.

Halimbawa, "saloobin ng paggalang sa karapatang pangtao", "damdamin na rumerespeto sa sarili at sa ibang tao", "kakayahan makipagkomunikasyon at makipagsosyalan", "moral", "pamublikong kamalayan at partisipasyon sa gawaing panlipunan", "damdamin na may pasasalamat at pakiramay", "puso na may damdamin", "puso na may pagmamahal sa Mie" at iba pa ang mga kakayahan at katangian na kailangan ng mga kabataan.



3 Pangunahing patakaran

Para sa katuparan ng "pangunahing prinsipyo", at bilang pagpapatunay ng pangkalahatang bisyon, ipinapahiwatig ang 7 "pangunahing patakaran".

1 Tanggapin natin na ang bawat indibidwal ay iba, dapat palakihin ang pagkatao ng bawat isa

Tanggapin na iba ang pagkatao at prinsipyo ng bawat indibidwal, kailangan natin palakihin ang kakayahan makipagsalamuha sa iba. Gayundin, kailangan natin palakihin ang abilidad at pagkato ng bawat isa.

2 Tumayo mula sa perspektibo ng mga kabataan, bigyan ng naalinsunod na edukasyon

Palagi tayong tumayo mula sa perspektibo ng mga kabataan, bigyan ng edukasyon batay sa naalinsunod na prinsipyo. Gayundin, ang pagpapalaki ng anak ay dapat bagayin sa naalinsunod na edukasyon sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa paaralan base sa antas nito.

3 Gumawa ng kaakit-akit na paaralan para sa mga kabataan

Pabutihin ang pamamahala at pagtuturo sa paaralan, gumawa ng mga aktibidad na magbibigay ng ambisyon sa mga kabataan, at gumawa ng kaakit-akit na paaralan.

4 Gumawa ng paaralan na base sa rehiyon

Palalimin ang relasyon at kooperasyon sa lokal na rehiyon, ang paaralan at rehiyon ay dapat sumoporta sa isa't isa; para sa kaunlaran ng bawat isa, gumawa ng paaralan na nakabase sa rehiyon.

5 Ang mga guro ay dapat gumawa ng kapaligiran na nakakaenganyo sa mga kabataan

Sa ilalim ng pamumuno ng punong-guro, ipapakita ng mga guro ang kanilang pagkamalikhain at pasyon sa pagtuturo, at bumuo ng kapaligiran kung saan tatanggapin ng mga kabataan ang kanilang gabay at pamumuno.

6 Gumamit ng lokal na materyales para sa edukasyon

Ang Mie prefektyur ay may maraming magagandang likas na kayamanan, mayaman na kultura, kasaysayan, at mga mamayan na may iba't ibang talento sa iba't ibang sikap, kaya't gamitin ang mga yaman na ito sa edukasyon.

7 Madaling pagtugon ayon sa pagbabago sa lipunan

Gumawa ng edukasyon na tutugon sa mga pagbabago ng lipunan gaya ng mababang kapanganakan • mabilis na pagdami ng mga nakakatanda, internalisasyon o globalisasyon, mabilis na pagbago ng impormasyon at iba pa.



Sistema ng Bisyon (Larawan)

Pangunahing prinsipyo

Nagtitiwala kami sa mga kabataan
 Ang paaralan, tahanan, rehiyon ay sama-sama
 Sa pagpapalaki ng potensyal ng mga kabataan
 Upang bumuo ng magandang kinabukasan

~Pagsamahin ang lahat n gating mga kapangyarihan upang bumuo ng magandang kinabukasan para sa mga kabataan~

"Kakayahan palakihin ang mga kabataan"

(A) Kakayahan maging independiente (Kakayahan gumawa ng magandang kinabukasan)

- ☉Kakayahan matuto
- ☉Kalayaan
- ☉Ambisyon o kakahayan mangarap
- ☉Tiwala, respeto, pag-ibig sa sarili
- ☉Kalusugan o pisikal na lakas
- ☉pag-asang magtrabaho o maghanap-buhay at iba pa

(B) Kakayahan mabuhay ng nakikisama (Kakayahan gumawa ng kinabukasan na kung saan lahat ay nakikisama ng mabuti)

- ☉Saloobin ng paggalang sa karapatang pangtao
- ☉Samdamin na rumerespeto sa sarili at sa ibang tao
- ☉Kakayahan makipagkomunikasyon at makipagsosyalan
- ☉Moral
- ☉Pampublikong kamalayan at partisipasyon sa gawaing panlipunan
- ☉Damdamin na may pasasalamat at pakikiramay
- ☉Puso na may damdamin
- ☉Puso na may pagmamahal sa Mie at iba pa

Pangunahing Talakayan

- 1 Pagpapalawak ng kaalaman at ng kakayahan sa paglahok sa gawain panglipunan
- 2 Pagpapalawak ng diwa
- 3 Pagpapalaki ng malusog na katawan
- 4 Gumawa ng paaralan na mapagkakatiwalaan
- 5 Gumawa ng lipunan na makakasagot sa iba't ibang paksa
- 6 Sosyal edukasyon at pagtaguyod ng sports

Pangunahing patakaran

- (1)Tanggapin natin na ang bawat indibidwal ay iba, dapat palakihin ang pagkatao ng bawat isa
- (2)Tumayo mula sa perspektibo ng mga kabataan, bigyan ng naalinsunod na edukasyon
- (3)Gumawa ng kaakit-akit na paaralan para sa mga kabataan
- (4)Gumawa ng paaralan na base sa rehiyon
- (5)Ang mga guro ay dapat gumawa ng kapaligiran na nakakaenganyo sa mga kabataan
- (6)Gumamit ng lokal na materyales para sa edukasyon
- (7)Madaling pagtugon ayon sa pagbabago sa lipunan

Detalyadong Talakayan Sistema ng mga panukala

1 Pagpapalawak ng kaalaman at ng kakayahan sa paglahok sa Gawain panglipunan

- (1) Pagpapalawak ng kaaalaman
- (2) Pagpapatupad ng edukasyon para sa mga kabataan na may special needs
- (3) Pagpapahusay ng edukasyon ng mga anak ng dayuhan
- (4) Pagpapatupad ng edukasyon para sa internasyonal na pangunawa
- (5) Pagpapahusay ng edukasyon hinggil sa career
- (6) Pagpapatupad ng edukasyon hinggil sa impormasyon
- (7) Pagpapahusay ng edukasyon hinggil sa sanggol



2 Pagpapalawak ng diwa

- (1) Pagpapatupad ng edukasyon hinggil sa karapatang pantao
- (2) Pagpapalawak ng moralidad
- (3) Pagpapatupad ng edukasyon para sa mapang-api at marahas na mga kabataan
- (4) Paglikha ng maaliwalas na samahan (suporta para sa mga batang hindi pumapasok ng paaralan)
- (5) Pagpapatuloy-aral ng mga senior high school na mag-aaral (para sa mga huminto ng pag-aaral)
- (6) Pagpapahusay ng edukasyon hinggil sa kapaligiran
- (7) Pagpapahusay ng mga gawain pang-sining at kultura at pagbabasa
- (8) Pagpapatupad ng edukasyon hinggil sa lugar ng kapanganakan



3 Pagpapalaki ng malusog na katawan

- (1) Pagpapahusay ng edukasyon pangkalusugan
- (2) Pagpapahusay ng nutrisyon
- (3) Pagpapalaki ng pisikal na katawan



4 Gumawa ng paaralan na mapagkakatiwalaan

- (1) Siguraduhin ang kaligtasan ng mga kabataan
- (2) Pagpapabuti ng kalidad ng mga guro
- (3) Paggawa ng kumportableng kapaligiran ng pagtrabaho para sa mga guro
- (4) Pagpapatupad ng naalinsunod na edukasyon mula sa pagka- sanggol
- (5) Pagpapabuti ng pamamahala ng paaralan (Pagpapatupad ng mga gawain para mapabuti ang kalidad ng pamamahala ng paaralan)
- (6) Nararapat na alokasyon at proporsyon para sa paaralan
- (7) Paggawa ng katangi-tanging paaralan
- (8) Paggawa ng open na paaralan
- (9) Pagpapaganda ng pasilidad ng paaralan



5 Gumawa ng lipunan na makakasagot sa iba't ibang paksa

- (1) Pagpapabuti ng kakayahan ng edukasyon sa tahanan
- (2) Pagpapabuti ng kakayahan ng edukasyon sa rehiyon



6 Sosyal edukasyon at pagtaguyod ng sports

- (1) Pagpapahusay ng sosyal edukasyon
- (2) Pag-alaga • pagmana • paggamit ng yaman ng kulturalan
- (3) Pagpapahusay ng sports sa rehiyon



1 Pagpapalawak ng kaalaman at ng kakayahan sa sa paglahok sa gawain panglipunan

1. Pagpapalawak ng kaaalaman

Sa halip na bigyan ang importansya "kung ano ang natutunan", dapat ay mas pahalagahan "kung paano gagamitin ang natutunan." Kailangan palakihin ang kakayahan lumutas ng mga problema at pagyamanin ang kaalaman kasama ang mga kaibigan ayon sa nakaalinsunod na pamamaraan ng "edukasyon ng Mie".

Para sa mga magulang

Bigyan ng mataas na motibasyon ang mga kabataan para mag-aral, upang maging kagawian ang pag-aaral mula sa kanilang kalooban, at tingnan ang balanse ng kanilang pag-aaral at buhay, tanggapin ito, at suportahan ito.



Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Bago pa pumasok ng paaralan, ipatapat na ang alinsunod ng "edukasyon ng Mie"
- Pagpapatupad ng edukasyon para sa maliit na grupo
- Pabutihin ang kakayahang mamuno ng mga guro
- Pagpapalakas ng kooperasyon sa pagitan ng tahanan, rehiyon at iba pa

2. Pagpapatupad ng edukasyon para sa mga kabataan na may special needs

Ituro natin ang tamang damdamin at paggalang sa bawat isa, may kapansanan man o wala. Gayundin, kailangan turuan ang mga batang may kapansanan tumayo sa sariling mga paa at lumahok sa gawain na lipunan, bigyan ng suporta at gabay ang bawat isa upang mapabuti ang kanilang tinataglay na kakayahan.

Para sa mga magulang • rehiyon

Maaaring mamuhay ng malaya ang mga batang may kapansanan sa loob ng rehiyon, bantayan at gabayan sila upang palakihin ang potensyal na taglay nila



Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagtatag ng sistema ng pagsusuporta mula sa maagang panahon hanggang sa pagtatapos ng pag-aaral
- Pagpapatupad ng career guidance at tulong sa trabaho
- Pagbutihin ang espesyalidad ng mga guro
- Pagpapataas ng antas ng mga paaaralan ng special needs

3. Pagpapahusay ng edukasyon ng mga anak ng dayuhan

"Ang bawat kabataan na anak ng dayuhan, ay mahalagang kasapi ng lipunan", ito ang dapat natin panatilihin bilang pangunahing pag-iisip. Ang layunin ng edukasyon ay pataasin ang self-fulfillment ng mga kabataan, kaya't tulong-tulong tayong mga mamamayan ng rehiyon sa pagpapatututo nito.

Para sa mga NPO at kompanya

Gumawa tayo ng support network sa ating lipunan, at lumikha tayo ng kapaligiran na madaling matututo at makakapag-aral ang mga anak ng dayuhan., salamat sa inyong kooperasyon.



Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagpapabuti ng pagturo ng wikang Hapon
- Pagsuporta na mga kinakailangan kaalaman upang mamuhay sa lipunan, at pag-aaral ng mga kinakailangan na teknikal na kahusayan
- Pagtatag ng guidance system sa paaralan
- Paggabay sa pagpasok ng paaralan, payo at suporta sa pagpili ng kurso
- Pagtataguyod ng multikultural na edukasyon

4. Pagpapatupad ng edukasyon para sa internasyonal na pangunawa

Palakihin natin ang mga kabataan para maging katiwa-tiwala sa internasyonal na komunidad. Respetuhin ang bawat isa kahit magkaiba ang kultura at paniniwala, ituro natin ang kakayahan lumawak ang perspektibo, makipag-usap, at iba pa.



Para sa mga magulang • rehiyon


Pagtataguyod ng internasyonal exchange sa rehiyon, sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao mula sa ibang bansa, tayo ay makakabuo ng lipunan na may halu-halong kultura.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagpapabuti ng internasyonal na pangunawa at mga gawain na may kaugnay sa internasyonal na palitan
- Pagpapabuti ng kakayahang makipag-usap sa wikang Ingles
- Pagpapabuti ng mga aktibidad na may kaugnay sa banyagang wika mula elementary
- IPagpapabuti ng kalidad ng mga guro ng wikang Ingles at iba pa

5. Pagpapahusay ng edukasyon hinggil sa career

Maghatid ng edukasyon na magbibigay ng kadalubhasaan at magbubunga ng kwalipikadong propesyonal, at kanais-nais na empleyado. Ihatid ang mensahe hinggil sa "karangalan ng trabaho", at magtaguyod ng pagkakataon maranasan ang magtrabaho at iba pa.



Para sa mga magulang

Bigyan ng gawaing bahay ang mga kabataan, bigyan ito ng pagkakataon tumulong sa gawaing bahay, upang malaman nito ang halaga ng pagtrabaho, at pagusapan din ang kasiyahan at hirap ng pagtrabaho.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Sa pamamagitan ng mga aktibidad ng edukasyon ay maipapabuti ang edukasyon hinggil sa career
- Pagpapatupad ng sistematikong edukasyon hinggil sa career
- Pagpapatupad ng kooperasyon sa pagitan ng tahanan, rehiyon, pamahalaan at iba pa
- Pagpapatupad ng bokasyonal na edukasyon upang magamit ang kadalubhasaan
- Pagpapatupad ng suporta sa trabaho

6. Pagpapatupad ng edukasyon hinggil sa impormasyon

Ang mga kabataan ngayon ay napapaligiran ng mga iba't ibang impormasyon, bigyan sila ng kakayahan pumili at gumamit ng nararapat na impormasyon. Gayundin, gabayan sila kung paano gamitin ang mga mobile phone at turuan ng tamang moral sa paggamit ng impormasyon.



Para sa mga magulang • rehiyon

Turuan ang mga kabataan kung paano ang epektibo at ligtas na paggamit ng mobile phone at computer, alam ng mga matanda ang tamang paggamit, kaya't dapat gumawa ng mga alintuntunin sa paggamit nito.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagturo ng kakayahan ng wastong paggamit ng impormasyon
- Pagturo ng tamang moral sa paggamit ng impormasyon
- Pagpapabuti ng kakayahan ng mga guro sa paggamit ng ICT
- Pagpapabuti ng kagamitang ICT ng paaralan

7. Pagpapahusay ng edukasyon hinggil sa sanggol

Palaguin ang kooperasyon sa pagitan ng day-care nursery, kindergarten, tahanan at rehiyon. Sa pamamagitan ng pakikipag-laro at iba't ibang karanasan, maaaring payamanin ang pundasyon ng mga kabataan upang maging mahusay ang buhay nito.



Para sa mga magulang • rehiyon

Ang panahon ng pagiging sanggol ay isang mahalagang panahon sa buong buhay ng tao, dahil ito ang magsisilbi bilang pundasyon ng pagkatao. Sa tulong ng kindergarten at day-care nursery, maaring suportahan ang paglaki ng isip at kalusugan ng mga bata

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagpapabuti ng kalidad at kakayahan ng mga guro sa kindergarten at day-care nursery
- Pagpapabuti ng kooperasyon sa mga day-care nursery
- Paggawa ng mga gabay hinggil sa pagpapalaki ng sanggol upang malamang ng mga susunod na henerasyon sa rehiyon
- Pagpapabuti ng mga polisiya ng edukasyon hinggil sa sanggol

2. Pagpapalawak ng diwa

1. Pagpapatupad ng edukasyon hinggil sa karapatang pangtao

Alinsunod sa "pangunahing polisiya ng edukasyon hinggil sa karapatang pangtao ng Mie prefektyur," kailangan pabutihin ang edukasyon hinggil sa karapatang pangtao sa loob ng prefektyur. Turuan ang mga kabataan pangalagaan ang sariling karapatan at karapatan ng ibang tao.



Para sa mga mamamayan ng prefektyur

Lumikha tayo ng kapaligiran na magbibigay sa bawat kabataan ng halaga bilang tao.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagtaguyod ng "pagsasagawa ng paaralan na nagbibigay halaga sa karapatang pangtao"
- Pagtaguyod ng kalutasan sa mga indibidwal na problema hinggil sa karapatang pangtao
- Pagtaguyod ng "paggalang sa karapatang pangtao"
- Padamihin ang pagkakataon magbigay ng klase hinggil sa paggawa ng universal design

2. Pagpapalawak ng moralidad

Ituro sa mga kabataan na kailangan bigyan ng importansya ang "pag-aaral", sundan ang mga patakaran, at galangin ang ibang tao. Sa lahat ng oras at pagkakataon itanim sa isipan ng mga bata ang tamang moralidad.



Para sa mga mamamayan ng prefektyur

Pagmasdan ang sariling kilos at gawain, at siguraduhin na ito ay naaayon sa tamang moral, ang paaralan, tahanan, rehiyon ay dapat magtulong-tulong upang itanim ang tamang moralidad sa mga kabataan.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Itanim ang tamang moralidad sa pamamagitan ng edukasyon mula sa paaralan
- Pagpapabuti ng mga matatag na paggabay at pamumun
- Pagpapabuti ng edukasyon hinggil sa moralidad sa pakikipagtulungan ng tahanan, rehiyon at iba pa
- Pagpapahusay ng boluntaryong gawain

3. Pagpapatupad ng edukasyon para sa mapang-api at marahas na mga kabataan

Pagbutihin ang kamalayan ng mga bata hinggil sa pangkarapatang pangtao, para magkaroon sila ng kakayahan mag-isip ng sarili sa paglutas ng kanilang mga suliranin. Kapag nagkaroon ng problema, protektahan ang mga apektadong bata, at gumawa ng angkop na hakbang agad-agad.



Para sa mga mamamayan ng prefektyur

Kailangan mawala ang pang-aapit at karahasan mula sa mga nakakatanda, gumawa tayo ng ligtas na komunidad at lipunan sa pamamagitan ng pagdinig sa opinyon ng bawat isa.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Suportahan ang mga kusang-loob na gawain ng mga kabataan
- Pabutihin ang kakayahan sa komunikasyon
- Maagang pagtuklas at pagtugon sa mga pang-aapi, karahasan, at iba pa
- Pagpapabuti sa kooperasyon ng tahanan, rehiyon, at mga kaugnay na mga organisasyon
- Pagtugon sa pang-aapi sa internet at iba pa

4. Paglikha ng maaliwalas na samahan (suporta para sa mga batang hindi pumapasok ng paaralan)

Gumawa tayo ng ligtas at masayang paaralan para sa lahat ng mga kabataan. Gayundin, sa pamamagitan ng kooperasyon sa mga kaugnay na organisasyon suportahan natin ang mga batang hindi pumapasoko ng paaralan upang sumali sila sa panglipunan gawain.



Para sa mga susuporta sa mga batang hindi pumapasok ng paaralan

Sa halip na pagsapilitan ang pananaw ng nakakatanda, tanunging kung ano ang gustong gawain ng bata, bigyan ng oras at pakinggan ang damdamin nito, at tsaka mag-isip ng paraan kung paano ito suportahan.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Paglikha ng mas maaliwalas na paaralan at klase
- Pagpapabuti ng systema ng pagpapayo sa loob at labas ng paaralan
- Pagsuporta sa mga batang hindi pumapasok ng paaralan

5. Pagpapatuloy-aral ng mga senior high school na mag-aaral (para sa mga huminto ng pag-aaral)

Gawing kaaki-akit at kapaki-pakinabang ang buhay sa senior high school, sa pamamagitan ng paggawa ng maaliwalas na paaralan at pagpapabuti ng career guidance sa junior high school. Gayundin, suportahan natin ang pag-aaral ng mga batang nais magpalit ng karera.



Para sa mga magulang

Sa panahon ng junior high school, bigyan ng halaga ang libangan, interes, at talino ng mga kabataan, at bigyan ito ng konsultasyon hinggil sa pagpasok sa senior high school.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagpapahusay ng career guidance ng junior high school at pagkalat ng impormasyon mula sa senior high school.
- Pagpapahusay ng study guidance at gawin itong kaakit-akit at maaliwalas
- Pagpapahusay ng systema ng pagpapayo ng edukasyon at praktikal na paggamit ng systema ng paglipat at pagpasok sa paaralan.

6. Pagpapahusay ng edukasyon hinggil sa kapaligiran

Para sa mga susunod na henerasyon ng mga kabataan, turuan protektahan at pangalagaan ang kapaligiran. Sa pang-araw-araw na pamumuhay at sa mga gawain ng rehiyon ay magkakaroon ng pagkakataon ng pag-aaral hinggil sa kapaligiran.



Para sa mga magulang

Isipan natin sa araw-araw na pamumuhay, na kailangan magtipid palagi ng tubig at kuryente at bawasan ang mga basura at iba pa, itanim sa pg-iisip ng mga kabataan ang diwa ng pagprotekta ng kapaligiran.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagpapahusay ng edukasyon hinggil sa kapaligiran mula sa paaralan
- Pagpapatupad ng eco-friendly na paaralan
- Pagpapabuti ng pag-iisip ng pagkakataon lutasin ang mga isyu ng kapaligiran

7. Pagpapahusay ng mga gawain pang-sining at kultura at pagbabasa

Pagpapabuti ng mga gawain may kaugnay sa kultura, sining at pagbabasa upang maging mas sensitibo ang mga kabataan. Gumawa ng sistema na kung saan ang "kabataan at ang libro ay konektado," sa pamamagitan ng iba't ibang mga gawain pangkultura at sining at pagbabasa.



Para sa mga magulang • rehiyon

Upang turuan maging sensitibo ang mga kabataan, kailangan ng kooperasyon sa "pagbibigay ng pagkakataon maranasan ang kultura at sining" at "oras magbasa ng libro kasama ang pamilya at rehiyon"

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagpapadami ng pagkakataon maranasan ang tunay na kultura at sining
- Pagpapabuti ng mga gawaing pangkultura at sining sa kooperasyon ng rehiyon
- Pagpapadami ng pagkakataon magpahayag ang mga kabataan
- Pagpapabuti ng gawain hinggil sa pagbabasa
- Epektibong paggamit ng aklatan

8. Pagpapatupad ng edukasyon hinggil sa lugar ng kapanganakan

Pagtaguyod ng edukasyon hinggil sa lugar ng kapanganakan gaya ng kalikasan nito, kultura, mamamayan, at paggamit ng lokal na materyales na matatagpuan dito. Bigyan ng importansya at pataasin ang sigla ng rehiyon, at ituro sa mga kabataan na mahalín ang lugar ng kapanganakan at tulungan ito sa hinaharap.



Para sa mga magulang • rehiyon

Ang Mie prefektyur, bilang lugar ng kapanganakan, ay may makulay na kultura at sining na mamanahin ng mga kabataan. Gayundin, maraming salamat sa kooperasyon ng paaralan at rehiyon sa pagturo ng mga yaman ng lugar ng kapanganakan.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagagawa ng mga materyal tungkol sa Mie prefektyur at sa mga kalapit na rehiyon
- Pagpapatupad ng edukasyon hinggil sa lugar ng kapanganakan sa pamamagitan ng kooperasyon ng rehiyon
- Pagpapatupad ng mga gawain para maranasan ang paggamit ng mga rural na materyales ng rehiyon
- Paggamit ng bagong prefektyur museum

3. Pagpapalaki ng malusog ng katawan

1. Pagpapahusay ng edukasyon pangkalusugan

Palakihin ang potensyal at kalusugan ng pisikal at mental. Sa kooperasyon ng mga medikal na institusyon, at sa pagpapatupad ng health counseling o konsultasyon, tugunan natin ang mga iba't ibang paksa ng kalusugan gaya ng sakit na allergy, mental na kalusugan at iba pa.



Para sa mga magulang

Upang magkaroon ng malusog na katawan at mental sa buong buhay, kailangan natin pahalagahan ang paraan ng pamumuhay mula sa pagkabata. Turuan ang mga kabataan ng tamang at malusog na pamamaraan ng buhay, para matandaan nila ito sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagpapatupad ng edukasyon hinggil sa buhay
- Pagpapabuti ng konsultasyon
- Pagpapatupad ng edukasyon hinggil sa kalusugan
- Pagpapabuti ng kooperasyon sa pagitan ng paaralan, tahanan, rehiyon at iba pa

2. Pagpapahusay ng nutrisyon

Turuan ng tamang kaalaman hinggil sa pagkain ang mga kabataan, palakihin ito sa pamamagitan ng pagbigay ng malusog at balanseng pagkain. Samakatuwid, itaguyod ang edukasyon hinggil sa edukasyon sa pamamagitan ng kooperasyon ng tahanan at rehiyon, at pagbibigay ng pagkakataon maranasan ang tamang nutrisyon.



Para sa mga magulang

Sundan ang tatlong prinsipyo ng pagkain, pagkilos, at pagtulog para magkaroon ng malusog na katawan, "agahan matulog agahan gumising at kumain ng almusal," itaguyod ang nutrisyon sa loob ng tahanan sa pamamagitan ng pagsunod nito.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagpapatupad ng gabay tungkol sa pagkain
- Pagpapatupad ng malusog na pagkain sa paaralan
- Edukasyon sa tahanan
- Pagpapatupad ng support system at pagpapahusay ng guro ng nutrisyon

3. Pagpapalaki ng pisikal na katawan

Gawin ugali ang paghehersisyo upang lumaki ang katawan ng mga kabataan. Gayundin, bigyan importansya at malaking pagsisikap ang "pagtanggap" at "kumpitensya," habang "masaya" sa paggalaw ng katawan.



Para sa mga magulang

Para maging mahilig kumilos ang mga kabataan, anyayahan natin sila maghehersisyo 1 beses 1 araw, sabayan silang kumilos at sumali sa sports.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pabutihin ang kredensyal ng mga guro at ayusin ang pamamaraan ng klase
- Patuloy na magsagawa ng fitness test
- Pagpapatupad ng kapaligiran panghehersisyo
- Pagpapatupad ng mga aktibidad ng organisasyon kaugnay sa sports

4. Gumawa ng paaralan na mapagkakatiwalaan

1. Siguraduhin ang kaligtasan ng mga kabataan

Sa kooperasyon ng paaralan, tahanan, at rehiyon, gumawa tayo ng ligtas na kapaligiran kung saan matutuo ang mga kabataan. Turuan ang mga kabataan pangalagaan ang sarili mula sa panganib, gaya ng pag-iwas sa kalamidad, pag-iwas sa krimen, kaligtasan mula sa trapiko at iba pa.



Para sa mamamayan ng rehiyon

Upang masiguro ang kaligtasan ng mga kabataan, sundan ang sawikain na "protektahan ng mamamayan ng rehiyon ang mga kabataan ng rehiyon," kung saan ang bawat isa ay dapat gawin ang kaya nilang gawin sa oras na kaya nila.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Patibayin ang risk management at magdebelop ng kamalayan ng krisis
- Pagpapahusay at pagpapatupad ng ligtas na edukasyon, pagpapayo hinggil sa kaligtasan
- Pagpapatupad ng edukasyon hinggil sa pag-iwas sa kalamidad sa pamamagitan ng pagtulog sa sarili at sa iba.
- Paggawa ng ligtas na kapaligiran
- Pagpapabuti ng suporta ng pag-aaral

2. Pagpapabuti ng kalidad ng mga guro

Sanayin ang mga guro upang maging "masigasig at pokus sa misyon", "magkaroon ng kakayahan lumutas ng problema ayon sa pinagdalubhasaan", "mayaman na pagkatao", at "kakayahan magisip mula sa perspektibo ng mga kabataan" sa pamamagitan ng mga pagsasanay.



Para sa mga unibersidad o opisina

Salamat sa kooperasyon ng unidebersidad, ang mga "guro ang nagsisilbing role model" ng prefektyur; Sa opisina, ang mga karanasan ng mga guro mula sa lipunan ang magpapataas ng kalidad.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pakikipagtulungan ng mga komite ng edukasyon at organisasyon ng pagsasanay ng mga guro
- Pumili ng mga guro na may magandang personalidad
- Samu't sari na kurso ng pagsasanay at paggawa ng pagkakataon ng pagsasanay
- Paggamit ng OJT

3. Paggawa ng kumportableng kapaligiran ng pagtrabaho para sa mga guro

Upang maging mahusay ang pagplano ng pagpapahusay ng edukasyon ng mga kabataan, kailangan bigyan ng importansya ang bawat indibidwal na bata, kailangan magsumikap ang mga guro gumawa ng panahon makipaghalubilo sa mga kabataan. Sa karagdagan, kailangan gumawa ng kapaligiran na kung saan madaling makakapagtrabaho ang mga guro upang sila ay magkaroon ng pasyon at gana magtrabaho.



Para sa mga magulang - rehiyon

Upang magkaroon ng oras ang mga guro makipaghalubilo sa mga kabataan, kailangan ang inyong kooperasyon at positibong suporta sa paaralan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng samu't saring karanasan at kaalaman.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pahasayin at gawin simple ang trabaho
- Gumamit ng OB na guro at mga empleyado mula sa labas
- Gumawa ng mekanismo para bigyan ng solusyon ang mahihirap na problema
- Pag-alaga ng pisikal at mental na kalusugan ng mga guro

4 .Pagpapatupad ng naaalinsunod na edukasyon mula sa pagka-sanggal

Ang edukasyon sa bawat antas mula nursery hanggang high school ay pagsamahin, at patuparin ang naaalinsunod na prinsipyo ng edukasyon. Gumawa ng mekanismo kung saan ang bawat indibidwal ay bibigyan ng importansya at ang natutunang impormasyon ay mapagpapatuloy sa bawat antas.



Para sa mga magulang • rehiyon

Sa tulong at kooperasyon ng mamamayan ng rehiyon at magulang, gumawa tayo ng network ng mga paaralan para sa lahat ng antas, gumawa tayo ng mekanismo ng pagpapalaki ng anak mula sa panahong ng pagkasanggal hanggang bago ito magtrabaho.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagtutulungan ng mga kindergarten at nursery, elementary, junior high school, senior high school at paaralan ng mga kabataan na may special needs
- Pagpapahusay ng kooperasyon ng tahanan at rehiyon
- Pagtutulungan ng senior high school at unibersidad

5 .Pagpapabuti ng pamamahala ng paaralan (Pagpapatupad ng mga gawain para mapabuti ang kalidad ng pamamahala ng paaralan)

Para sa katuparan ng layunin at bisyon ng paaralan, kunin ang opinyon ng mga kabataan, magulang, at rehiyon hinggil sa kasalukuyang sitwasyon ng paaralan, at mula dito ay gumawa ng mekanismo ng pagpapabuti. Sa pamamagitan ng ganitong paraan, ay mas mapapabuti ang kalidad ng paaralan.



Para sa mga magulang • rehiyon

Binibigyan importansya ang bawat opinyon ng mga kabataan, magulang at mamamayan ng rehiyon, at mula dito ay gagawa kami ng mas mabuting paaralan, maraming salamat sa inyong pang-unawa at aktibong kooperasyon.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagsusuporta sa pagpapabuti ng mekanismo
- Pagbibigay ng pagsasanay para sa mga tagapamahala
- Pag-aalaga ng mabuti at importanteng empleyado
- Magbukas ng pagpupulong para magpalitan ng praktikal na karanasan
- Pagpapabuti ng pagsuri ng paaralan

6 .Nararapat na alokasyon at proporsyon para sa paaralan

Sa gitna ng patuloy na pagbaba ng bilang ng mga bagong panganak, importante na panatiliin ang kalidad ng mga aktibidad ng edukasyon at patuloy itong pabutihin. Isaalang-alang ang opinyon ng bawat mamamayan ng rehiyon at ang kasalukuyan sitwasyon ng rehiyon, at patuloy na pagbutihin ang estruktura at naaangkop na plano para sa bawat antas ng paaralan.



Para sa mamamayan ng rehiyon • prefektyur

Ang pagrestructure ng mga pampublikong senior high school ay magpapatuloy, hihingin po namin ang inyong opinyon, salamat sa inyong kooperasyon.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagsuporta sa komite ng edukasyon ng bayan at lungsod
- Pagpapabuti ng naaangkop na estruktura at plano para sa senior high school
- Pagsagawa ng long distance edukasyon at iba pa

7 .Paggawa ng katangi-tanging paaralan

Bigyan ng importansya ang palagay na ang "pagsagot sa iba't ibang pangangailangan ng mag-aaral" at "rason ng pagpili ng paraalan ng mag-aaral ay ang kurso na nais nitong matutunan", at base dito ay pabutihin at gawin kaakit-akit ang senior high school upang piliin ito ng mga potensyal na mag-aaral.



Para sa mamamayan ng rehiyon • prefektyur

Tugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral, at upang gawing kaakit-akit ang paaralan, kailangan namin ang inyong malawak na hanay ng mga opinyon. Maraming salamat sa inyong kooperasyon.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagtaguyod ng may karakter at kaakit-akit na senior high school
- Palakasin ang sistema ng part time at correspondence-based na edukasyon
- Pagpapatupad ng pagpili ng wastong mag-aaral para sa senior high school
- Pagpapabuti ng nakaalinsunod na edukasyon ng junior at senior high school
- Paggawa ng paaralan na may karakter sa pamamagitan ng kooperasyon ng rehiyon at ng elementaryang paaralan

8 .Paggawa ng open na paaralan

Para sa pagpapahusay ng mga edukasyon, kailangan lumahok ang mga magulang at mamamayan ng rehiyon sa paggawa ng plano para sa pamamahala ng paaralan. Sa paggamit ng kagandahan ng rehiyon, ay maaaring gumawa ng open na paaralan na nagkakaisa sa rehiyon.



Para sa mga magulang • rehiyon • prefektyur

Upang itaguyod ang open na paaralan sa rehiyon, kailangan namin ang inyong prankang opinyon hinggil sa pamamahala ng paaralan. Maraming salamat muli sa inyong aktibong paglahok.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Paggamit ng community school at iba pa
- Paggamit ng lakas ng lokal na edukasyon
- Ibalik sa rehiyon ang materyales ng pagtuturo
- Pagpapabuti at maliwanag na sistema ng pagsuri ng paaralan

9 .Pagpapaganda ng pasilidad ng paaralan

Pabutihin ang pasilidad ng paaralan para maging "ligtas at tiwasay", "madaling gamitin ng lahat", "madaling tumugon sa mga pagbabago", "mabait sa kapaligiran", at "gumamit ng lokal na kukltura".



Para sa mamamayan ng rehiyon

Ang paaralan ay mahalagang pasilidad, ito ang lugar kung saan nag-aaral ang mga bata at ito din ang shelter sa panahon ng kalamidad. Kapag gagamitin ito sa mga lokal na aktibidad, mag-ingat po sa paggamit.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Paggawa ng earthquake proof na pasilidad
- Kaligtasan ng pasilidad at patagalin ang buhay nito
- Paggawa ng barrier free na pasilidad
- Paggawa ng solar power na pasilidad

5. Gumawa ng lipunan na makakasagot sa iba't ibang paksa

1. Pagpapabuti ng kakayahan ng edukasyon sa tahanan

Kailangan ng suporta ng lipunan upang mapabuti ang kakayahan ng edukasyon sa loob ng tahanan. Ang paaralan ay magsisilbi bilang unang lugar ng konsultasyon, kailangan intidihin ang papel ng tahanan at pamilya sa pagpapalalim ng edukasyon ng kabataan.

Para sa mga magulang

- Ang pagpapalaki ng bata ay napakagandang trabaho dahil ito ay humuhugis sa hinaharap. Bigyan ng positibon ugali at masaganang puso ang bata sa pagpapalaki nito.
- Ang wastong pagpapalaki ng bata ay regalo sa bata. Kasama ang mga bata, ay gumawa ng patakaran at systema sa loob ng tahanan.

Para sa mamamayan ng rehiyon

Maraming tahanan ang nag-aalala sa pagpapalaki ng bata. Kailangan suportahan ng mamamayan ng rehiyon ang mga pamilya na nagpapalaki ng anak.



Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pagpapabuti ng kooperasyon sa pagitan ng paaralan, tahanan, rehiyon at iba pa
- Pagsuporta sa pagpapabuti ng palitan ng opinyon at payo
- Paghatid ng nakakaenganyong mensahe para mapabuti ang edukasyon sa loob ng tahanan
- Pagtaguyod ng pang-uunawa ng buong lipunan
- Pagpapabuti ng edukasyon para sa kapakanan ng mga susunod na henerasyon na magulang

2. Pagpapabuti ng kakayahan ng edukasyon sa rehiyon

Himukin ang lahaat ng mamamayan ng rehiyon, na pangalagaan at protektahan ang lahat ng mga kabataan sa rehiyon pati na rin ang mga pamilya na may mga anak. At gamitin ang kapangyarihan ng lahat ng mamamayan ng rehiyon upang aktibong gamitin ang edukasyon mula sa paaralan.

Para sa mga magulang • rehiyon


Gamitin nating lahat ang resulta ng "pag-aaral", lumahok sa pagsuporta ng paaralan at paggawa ng komunidad.

Para sa mga magulang

Gamit ang kooperasyon ng mga magulang, paaralan, at mamamayan ng rehiyon, sumali tayo sa paggawa ng systema ng pagpapalaki ng bata.

Para sa mga kompanya

Upang ihanda ang mga kabataan sa pagsali sa lipunan, bigyan sila ng aral hinggil sa karanasan sa pagtrabaho at mga lektur hinggil sa kompanya. Salamat sa inyong kooperasyon.



Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pabutihin ang kakayahan ng edukasyon sa pamamagitan ng pagsali ng mamamayan ng rehiyon sa pagplaplano
- Pagpapatupad at pagsuporta sa pamamagitan ng paggawa ng mga aktibidad pagkatapos ng pasok sa paaralan at sa araw na walang pasok
- Pagpapatupad ng suporta sa paaralan mula sa rehiyon
- Ibalik sa rehiyon ang materyales ng pagtuturo

6. Sosyal edukasyon at pagtaguyod ng sports

1. Pagpapahusay ng sosyal edukasyon

Planuhin ang pagpapahusay ng pagawain pang-sosyal edukasyon.

Sa karagdagan, itaguyod ang kooperasyon sa pagitan ng edukasyon ng paaralan at lipunan, upang palakihin ang bata na may mayaman na puso.



Para sa mamamayan ng rehiyon

Gamiting ang iba't ibang mga pasilidad ng sosyal edukasyon, at sumali sa mga gawain ng rehiyon upang mapahusay ang pagmamahal at pride para sa rehiyon. At palakihin natin ang mga kabataan na may mabuting kalooban.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Paggawa ng mga klase sa tulong ng kooperasyon ng paaralan at pasilidad ng sosyal edukasyon
- Paggawa ng pagkakataon magpalitan ng impormasyon at magpalaki ng empleyado
- Award para sa sosyal edukasyon
- Pagpapabuti ng pasilidad ng sosyal edukasyon

2. Pag-alaga • pagmana • paggamit ng yaman ng kultura

Gumawa ng sistema para "maranasan" ang yaman ng kultura at iba pa, itaguyod ang edukasyon hinggil sa yaman ng kultura. Sa karagdagan, isulong ang pang-uunawa ng mamamayan hinggil sa yaman ng kultura, at gawin kaakit-akit ang rehiyon sa paggamit ng yaman ng kultura.



Para sa mga magulang

Ang yaman ng kultura ay materyales na lalagpas sa henerasyon natin. Upang magkaroon ang mga kabataan ng pagmamahal at pride sa lugar ng kapanganakan, lumabas tayo kasama ng mga bata, at bisitahin ang mga yaman ng kultura ng Mie.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Pangangalaga at pagmana ng yaman ng kultura
- Paghandog ng impormasyon hinggil sa yaman ng kultura
- Kooperasyon sa mga paaralan
- Pagsuporta sa paggamit ng yaman ng kultura

3. Pagpapahusay ng sports sa rehiyon

Itaguyod ang regional sports center bilang komprehensibong sports klub, upang maging parte ang sports sa pamumuhay. Sa karagdagan, bigyan ng naalinsunod na gabay mula sa pagka-junior, buuin ang pagiging lider, at magplano ng mga paligsahan sa sports.



Para sa mamamayan ng rehiyon

Paghusayin ang rehiyon sa pamamagitan ng pagbuo ng "komprehensibong sports klub" para sa rehiyon. Gayundin, aktibo tayong sumali sa mga aktibidad nito.

Pangunahing nilalaman ng mga gawain

- Paggamit ng regional sports center
- Paggawa ng pagkakataon maglaro ng sports
- Pagpapabuti ng paligsahan sa sports
- Pagpapanatili at pamamahala ng mga pasilidad ng sports

Inaasahan mula sa "tahanan"

~ Ang tahanan ang umpisa ng pundasyon ng edukasyon ~

- ◆ Gamitin ang "puso at kaluluwa" sa pagpapalaki ng bata, palakihin sila na may kasamang pag-ibig.
- ◆ Ang "pundasyon ng edukasyon" ay nagsisimula sa loob ng tahanan, kaya't suportahan ang paraan ng pamumuhay at hayaan lumaki ang katawan at isip nito.
- ◆ Matutunan mula sa edukasyon ng paaralan ang mga kaugalian ng pag-aaral at ehersisyo, subalit ito ay magiging mas epektibo kung tutulong sa pagtataguyod ang tahanan. Palalimin ang kooperasyon sa pagitan ng paaralan, upang lalong mapabuti ang epekto ng edukasyon.
- ◆ Sumali at bigyan ng halaga ang mga PTA meeting at mga aktibidad ng mga club ng kabataan.



Papel ng "paaralan"

~ Gumawa ng mapagkakatiwalaan na edukasyon at gumawa ng open na paaralan ~

- ◆ Turuan ang mga kabataan magkaroon ng "kakayahan tumayo sa kanilang sariling mga paa" at "kakayahan makisama sa iba". Para mangyari ito, gumawa ng paaralan na kung saan ligtas at madaling makakakuha ng edukasyon ang mga kabataan.
- ◆ Palakasin ang saloobin at diwa ng mga guro, upang mapalaki ang potensyal ng bawat isa sa mga kabataan.
- ◆ Gumawa tayo ng paaralan na mapagkakatiwalaan sa loob ng rehiyon.



Inaasahan mula sa "rehiyon"

~ Sumali sa pagplano ng edukasyon ng rehiyon, suportahan ang paaralan ~


- ◆ Magbigay ng pagkakataon sa mga kabataan na maranasan ang iba't ibang sitwasyon para payamanin ang pagkatao nito.
- ◆ Suportahan ang lahat ng paaralan sa loob ng rehiyon, suporta ang pagpapalaki ng bata at edukasyon pangpamilya.
- ◆ Para sa mga kompanya, gumawa ng kapaligiran kung saan madali ang magpalaki ng anak habang nagtrabaho ang mga magulang. Sa karagdagan, gamitin ang espeyalidad at sumali sa mga aktibidad hinggil sa edukasyon.
- ◆ Suportahan ang mga unibersidad sa pag-unlad at papapabuti ng mga kompulsaryong edukasyon at senior high school edukasyon; ang mga materyales sa pagtuturo ay isasauli sa mga kabataan at sa lokal na paaralan.



Papel ng "pamahalaan"

~ Gumawa ng kapaligiran na nagbibigay ng mataas na kalidad ng edukasyon ~

- ◆ Upang pabutihin ang pag-aaral ng mga kabataan, suportahan ang mga paaralan, at gumawa ng kapaligiran na may mataas na kalidad ng edukasyon.
- ◆ Maghanda ng plano upang mapatotoo ang bisyon ng edukasyon, bigyan ng nararapat na payo ang mga paaralan at mga guro.
- ◆ Upang sumali ang mga magulang, rehiyon, at mga kompanya sa mga aktibidad hinggil sa edukasyon, bigyan ito ng nararapat na suporta.
- ◆ Gumawa ng mataas na kalidad ng pamamahala ng organisasyon at mga paaralan, upang mapatupad ang lahat ng tungkulin ng organisasyon.



Para sa pagpapa totoo ng bisyon

LPagsama-samahin natin ang kapangyarihan ng paaralan, tahanan, rehiyon, at pamahalaan

Upang makamit ang pangunahing prinsipyo ng bisyon, at para lumaki ng mabuti ang mga kabataan, importante na maging isa ang "damdamin" ng paaralan, tahanan, rehiyon, at pamahalaan sa pagtutulong-tulong sa bawat isa.

May kanya-kanyang tinutupad na tungkulin ang mga paaralan at pamahalaan, at may mga tungkulin na dapat din gawin ang tahanan at rehiyon.

